



## *Buong Teksto*

### **ANG NAGSASAYAW NA PABOREAL**

Pinili ng anak ng Haring Ginintuang Sisne ang mapagmataas at magandang Paboreal na kanyang magiging kabiyak. Bakit kaya nagalit si Haring Ginintuang Sisne?

Ang ating pinakabagong serye ng Mga Kuwentong Jataka, ay inihahandog sa inyo ng Arete at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang Nagsasayaw na Paboreal” isinalin sa Filipino ni Michael M. Coroza, PhD at babasahin satin ni Ariel A. Diccion.

Noong unang panahon, may kani-kaniyang hari ang mga hayop sa tatlong magkakaibang panig ng daigdig—lupa, langit, dagat. Ang leon ang ginawang Hari ng mga hayop na may apat na paa. Ang malahiganteng isda na nagpapalibot-libot sa karagatan ang ginawang Hari ng mga isda. Dahil mahalaga ang kagandahan para sa mga ibon, ginawa nilang Hari ang Ginintuáng Sisne.

May isang magandang anak na babae si Haring Ginintuáng Sisne. Pinagbigyan niya ang isang kahilingan nito noong bata pa lámang. Hiniling ng bata na kapag sumapit na sa tamang edad, ito mismo ang pipili ng mapapangasawa.

Nang sumapit na sa tamang edad ang anak, ipinatawag ni Haring Ginintuáng Sisne ang lahat ng ibong nananáhan sa Kabundukan ng Himalaya sa Gitnang Asya. Pinadalo sila sa isang pagtitipon sa layuning matagpuan ang karapat-dapat na mapapangasawa ng kaniyang anak na ginintuán. Nagsipagdatingan ang mga ibon mula sa malalayong pook, maging sa mataas na Tibet. May mga gansa, sisne, agila, maya, pipit-puso, pitúpit, kuwago, at marami pang ibang uri ng ibon.

Naganap ang pagtitipon sa isang malapad na tipak ng mataas na bato sa magandang lungting lupain ng Nepal. Sinabi ni Haring Ginintuang Sisne sa kaniyang kaibig-ibig na anak na mapipili na nito ang ibig mapangasawa.

Pinagmasdan ng prinsesa ang maraming ibon. Ang nakaakit sa kaniyang paningin ay isang nagniningning na kulay-esmeraldang paboreal na may mahabang leeg, may maringal na

buntot na alón alón. Winika niya sa kaniyang ama, “Ang ibong iyan, ang paboreal, ang mapapangasawa ko.”

Nang marinig ng mga ibon na ang paboreal ang mapálad, pinalibutan nila ito upang batiin. Wika ng mga ibon, “Sa dami ng naggagandahang ibon, ikaw ang pinili ng prinsesang ginintuáng sisne. Binabati ka namin sa iyong napakagandang suwerte.”

Natigib ng labis na pagpapahalaga sa sarili ang paboreal, at sinimulan niyang ipagparangalan ang kaniyang makukulay na balahibo sa isang pantastikong pagsayaw na mapagmagaling. Iniladlad niya ang kaniyang kahanga-hangang balahibo sa buntot, at nagpaikot-ikot siya sa pagsayaw upang mapatampok ang kaniyang marikit na buntot. Sa labis na paghahambog, itinutok niya ang kaniyang ulo sa langit at naiwaglit niya ang lahat ng kahihyan. Nalantad tuloy at nakita ng lahat maging ang maselang bahagi ng kaniyang katawan!

Napahagikgik ang mga ibon, lalo na ang mga paslit. Ngunit, hindi natuwa si Haring Ginintuang Sisne. Ikinahiya niya ang gayong inasal ng pinili ng kaniyang anak. Naisip niya, “Walang kahihyan sa sarili ang paboreal na ito. Wala rin siyang tákot kahit kanino kayâ umasta nang walang pakundangan. Hindi dapat maipahiya ng ganiyang hangal na nilalang ang aking anak?” Matapos pagmasdan ang hambog na paboreal, sumang-ayon ang anak ng Hari.

Nakatindig sa gitna ng malaking kalipunan ng mga ibon, nagwika ang Hari, “Ginoong Paboreal, matamis ang iyong tinig, balahibo mo’y maririkit, leeg mo’y nagniningning na tila esmeralda, ang buntot mo ay parang pamaypay na kay ganda. Ngunit, nagsayaw ka ritong tila isang walang kahihyan o tákot. Hindi ko hahayaang maikasal ang walang-malay kong anak sa isang mangmang na hangal!”

Ipinakasal ni Haring Ginintuang Sisne ang kaniyang anak sa isang maharlikang pamangkin. Lumipad palayô ang palalong paboreal, nawalan ng isang magandang mapapangasawa.

\*\*\*

### **Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye**

Ang Haring Matsing	Ang Nagbabanal-banalan
Ang Nagsasayaw na Paboreal	Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Madaldal na Pagong	Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang mga Nakakita sa Punong Judas	Ang Puso ng Matsing
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon	Ang Ginintuang Gansa
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan	‘Uling’ ni Impo

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Estelle Marie M. Ladrado, PhD Ricardo G Abad, PhD	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Senanda Gomez	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Duane Ligot Rey Sotto Justine Ray Santos	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Noriel Mendoza Vanessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Fran Alvarez	<i>Illustrator</i>
Lazir Caluya Vanessa Reventar	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

## **Embassy of India in Manila, Philippines**

Shambhu S. Kumaran	<i>Ambassador of India to the Philippines</i>
Vishwanjali M Gaikwad	<i>Second Secretary (Press, Information, and Culture)</i>
Michael James Mangaring	<i>Assistant</i>

## Ateneo de Manila University Loyola Schools

### Kagawaran ng Filipino

Michael M Coroza, PhD  
Mark Benedict F Lim  
Claudette M Ulit, PhD

*Translators*

Michael M Coroza, PhD

*Translation Editor*

Anna Trisha Monica O Abeleda  
Ariel A Diccion  
Jomar I Empaynado  
Carlota B Francisco  
John Carlo S Gloria  
Sharmaine V Hernandez  
Yolando B Jamendang, Jr  
Glenda C Oris  
Jerry C Respeto, PhD  
Corazon L Santos, PhD  
Jethro Niño P Tenorio  
Andrea Anne I Trinidad

*Readers*